

Mayo 1, 2020
Immigration Services Agency

Tungkol sa “Makatwirang Dahilan” ng Pamamaraan ng Pagtanggap ng Status of Residence Kung ang mga Aktibidad na may Kaugnayan sa Status of Residence ay Hindi Maisagawa Dahil sa Pagkalat ng Impeksiyon ng Bagong Coronavirus

Kahit na hindi na maipagpatuloy ng isang dayuhang naninirahan sa bansang Hapon na may status of residence na kasapi sa kadugtong na Table 1 ng Immigration Control and Refugee Recognition Act (“Engineer/Humanities Specialist/International Services worker,” “Skilled Labourer,” “Student,” atbp.) ang mga aktibidad na may kaugnayan sa nasabing status of residence sa loob ng 3 buwan o higit pa, kung mayroong “makatwirang dahilan” para manatili sa bansa nang hindi isinasagawa ang mga aktibidad na iyon, hindi ito magiging rason upang tanggalin ang kaniyang status of residence.

Kaugnay nito, kung, halimbawa, kilalanin na ang mga aktibidad na kaugnay ng status of residence ay hindi kayang maipagpatuloy ng dayuhan sa loob ng sunud-sunod na 3 buwan o higit pa dahil sa impluwensiya ng pagkalat ng impeksiyon ng bagong coronavirus o dahil sa mga hakbang upang pigilin ang pagkalat nito, gaya ng mga sumusunod na kaso, ituturing ang mga ito bilang “makatwirang dahilan” upang manatili sa bansang Hapon kahit na hindi isinasagawa ang mga aktibidad.

- ① Kapag ang lugar na pinagtatrabahuhan ay nakaranas ng malaking pagbaba ng kita at napilitang pansamantalang tigilin ang negosyo (o kusang tinigil ang negosyo)
- ② Kapag nasa sitwasyon kung saan pagkatapos umalis sa dating trabaho ay naghahanap ng panibagong trabaho sa pamamagitan ng Internet, atbp., o nasa sitwasyon kung saan malaki ang posibilidad na

makakuha ng trabaho ngunit hindi makapunta sa kumpanya

- ③ Kapag pansamantalang tinigil ng paaralang pinapasukan ang klase (kasama na rito ang sitwasyon kung saan pansamantalang tinigil ng paaralang papasukan/lilipatan ang klase)
- ④ Kapag ang paaralang dating pinapasukan ay nagsara at hindi maisagawa ang naaangkop na proseso upang makapag-enrol sa ibang paaralan
- ⑤ Kapag hindi na makapasok sa paaralan dahil na-ospital nang mahabang panahon dulot ng sakit/karamdaman (kasama rito ang impeksiyong dulot ng bagong coronavirus)